DepEd ADVISORY No. 606 , s. 2011
In compliance with DepED Order No. 39, s. 2009
this advisory is issued for the information of DepEd officials and personnel
(visit DepEd website at www.deped.gov.ph)
December 7, 2012

PAMBANSANG SEMINAR SA FILIPINO

Ang Seksyon ng Filipino ng Departamento ng mga Wika at Literatura ng University of San Carlos ay magdaraos ng taunang **Pambansang Seminar sa Filipino** na may paksang *"Ang Nagpapatuloy na Inobasyon at Hamon sa Pagtuturo ng Filipino,"* sa Pebrero 16-18, 2012 sa Cebu Business Hotel, F&C Square, Colon corner Junquera Street, Cebu City.

Pagkatapos ng tatlong araw na seminar, inaasahan ang bawat kalahok ay:

1. lalong mapahusay ang kakayahan sa inobatibong pagtuturo gamit ang mga napapanahong estratehiya at pagdulog sa pagtuturo ng wika at panitikan;
2. higit na mapataas ang antas ng kaalaman sa napapanahong kalakaran ukol sa Kurikulum ng Filipino;
3. lalong malinang ang kasanayan sa paghahanda ng mga material na panturo na may integrasyon sa teknolohiya, kompyuter at multimedia; at
4. higit na mapaunlad ang kaalaman sa pagbuo at paggawa ng eksaminasyon na nagsasaalang-alang sa kakayahan ng mga estudyante.

Inaayayahang dumalo sa seminar na ito ang lahat ng mga guro, tagamasid, tagapag-ugnay at tagapangulo ng Departamento ng Filipino ng lahat ng antas ng edukasyon sa mga institusyong publiko at pribado.

Ang butaw o bayad sa rehistrasyon ay Dalawang Libo at Walong Daang Piso (PhP2,800.00) na gugugulin sa anim (6) na meryenda, tatlong (3) tanghalian, seminar kit, handouts, lugar na pagdarausan at iba pang gastusin kaugnay ng seminar.

Para sa karagdagang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan o tumawag sa mga sumusunod:

- **Prof. Roderick C. Villaflor**, Direktor, Pambansang Seminar 2012
  Mobile Phone Blg.: 0917-730-8593
- **Prof. Charlotte R. Lisondra**, Fakulti, USC-DOLL
  Mobile Phone Blg.: 0922-876-1317
- **Gng. Lota Espinosa**, Kalihim, USC-DOLL
  Telepono Blg.: (032) 230-0100 local 306

R-MCR/DA-USC Seminar sa Filipino
December 3, 2011